# *Bantay Yugto 3*
# *Ang Marangal na Asawa*

***“10 Isang mabait na babae sinong makakasumpong? Sapagka't ang kaniyang halaga ay higit na makapupo kay sa mga rubi. 11 Ang puso ng kaniyang asawa ay tumitiwala sa kaniya, at siya'y hindi kukulangin ng pakinabang. 12 Gumagawa siya ng mabuti sa kaniya at hindi kasamaan lahat ng mga kaarawan ng kaniyang buhay. 13 Siya'y humahanap ng balahibo ng tupa at lino, at gumagawang kusa ng kaniyang mga kamay. 14 Siya'y parang mga sasakyang dagat ng kalakal; nagdadala siya ng kaniyang pagkain mula sa malayo. 15 Siya'y bumabangon naman samantalang gabi pa, at nagbibigay ng pagkain sa kaniyang sangbahayan, at ng kanilang gawain sa kaniyang alilang babae. 16 Kaniyang minamasdan ang bukid at binibili: sa pamamagitan ng kaniyang kamay ay nagtatanim siya ng ubasan. 17 Binibigkisan niya ang kaniyang mga balakang ng kalakasan, at nagpapalakas ng kaniyang mga bisig. 18 Kaniyang namamalas na ang kaniyang kalakal ay makikinabang: ang kaniyang ilaw ay hindi namamatay sa gabi. 19 Kaniyang itinangan ang kaniyang mga kamay sa panulid, at ang kaniyang mga kamay ay humahawak ng panghabi. 20 Iginagawad niya ang kaniyang kamay sa dukha: Oo, iniaabot niya ang kaniyang mga kamay sa mapagkailangan. 21 Hindi niya ikinatatakot ang kaniyang sangbahayan sa niebe; sapagka't ang boo niyang sangbahayan ay nakapanamit ng mapulang mapula. 22 Gumagawa siya sa ganang kaniya ng mga unang may burda; ang kaniyang pananamit ay mainam na kayong lino at ng kayong kulay ube. 23 Ang kaniyang asawa ay kilala sa mga pintuang-bayan, pagka siya'y nauupo sa kasamahan ng mga matanda ng lupain. 24 Gumagawa siya ng mga kasuutang kayong lino at ipinagbibili; at nagbibigay ng mga pamigkis sa mga mangangalakal. 25 Kalakasan at kamahalan ay siyang kaniyang suot. At kaniyang tinatawanan ang panahong darating. 26 Binubuka niya ang kaniyang bibig na may karunungan; at ang kautusan ng kagandahang-loob ay nasa kaniyang dila. 26 Kaniyang tinitignang mabuti ang mga lakad ng kaniyang sangbahayan, at hindi kumakain ng tinapay ng katamaran. 28 Nagsisibangon ang kaniyang mga anak, at tinatawag siyang mapalad; gayon din ang kaniyang asawa, at pinupuri siya niya, na sinasabi: 29 aming anak na babae ay nagsisigawang may kabaitan, nguni't ikaw, ay humihigit sa kanilang lahat. 30 Ang lingap ay magdaraya, at ang kagandahan ay walang kabuluhan: nguni't ang babae na natatakot sa Panginoon, ay siya'y pupurihin. 31 Bigyan ninyo siya ng bunga ng kaniyang mga kamay; at purihin siya ng kaniyang mga gawa sa mga pintuang-bayan.” (Kawikaan 31:10-31 KJV)***

Ang nasa itaas na kasulatan ay magbibigay sa atin ng higit pang mga detalye tungkol sa ministerio ng bantay o ng babaeng bantay. Habng sisiyasatin natin ang kasulatan makikita natin ang maraming mga talata na naglalaman ng salitang bantay o kung ano ang kahulugan nito.

Sa ***Kawikaann 31:10-31*** ay sinasabi ang detaye ng tungkol sa asawa o ng isang marangal na katangian na natatakot sa Dios at nagsasalarawan sa kanyang mga pananagutan sa loob ng bahay habang ang kanyang asawang lalaki ay nagtatrabaho sa labas sa pamamahala sa aspeto ng buhay na kailangan ng pamilya niya patungkol sa mundo at sas simbahan ng Dios. Ang mahalagang talata ay nasa talatang 27 na naglalaman ng pahayag, ***“tinitignang mabuti” “27 Kaniyang tinitignang mabuti ang mga lakad ng kaniyang sangbahayan, at hindi kumakain ng tinapay ng katamaran.” (Kawikaan 31:27 KJV)*** Gayundin sa talatang ito ng ***Kawikaan 31:10-31*** ay mailalapat natin para sa kababaihan bilang isang asawa para sa kanyang asawang lalaki at maaring ilapat para sa simbahan bilang isang tapat na asawa para sa ating Panginoong JesuCristo, ***“2 Sapagka't ako'y naninibugho tungkol sa inyo ng panibughong ukol sa Dios: sapagka't kayo'y aking pinapagasawa sa isa, upang kayo'y maiharap ko kay Cristo na tulad sa dalagang malinis.” (2 Corintians 11:2 KJV) “25 Mga lalake, ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, gaya naman ni Cristo na umibig sa iglesia, at ibinigay ang kaniyang sarili dahil sa kaniya; 26 Upang kaniyang pakabanalin ito, na nilinis sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na may salita, 27 Upang ang iglesia ay maiharap sa kaniyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anomang gayong bagay; kundi ito'y nararapat maging banal at walang kapintasan.” (Epeso 5:25-27 KJV)***

Sa pagninilay sa ***Kawikaan 31:10-31*** a ay tutulong sa atin na makita kung ano pa ang dapat bantayan at tingnan ng babae tungkol sa pangyayari sa kanyang sambahayan: at ano pa para sa babae ang kailangang gawin upang ihanda ang kanyang sarili para sa pag aasawa:

***1. “10 Isang mabait na babae sinong makakasumpong? Sapagka't ang kaniyang halaga ay higit na makapupo kay sa mga rubi.” (Kawikaan 31:10 KJV)*** * Ang mabuti at tapat na mga gawa ay mas higit na mahalaga kaysa sa pera. Ang babaeng may magandang kasanayan sa gawain sa bahay at mabuti sa paghawak sa mga yaman ay mapagkukunanan ng kita ng pamilya. Ang naipon ni pera ay isang sentimo na kinita, at ang isang babae na marunong kontrolin at bawasan ang paggastos ay isang malaking tulong sa kanyang asawa. * Ang gawain ng asawa sa bahay ay napakahalaga at makakatipid ito ng malaking pera mula sa paggasta. Maraming babae ang nagtatrabaho sa labas ng bahay upang tulungan ang kanilang mga asawa sa kita, ngunit walang

nakakaalam na ang lugar ng asawa ay nasa bahay ng kanyang asawa, at sa kanyang pamamahala sa kanyang bahay ay mas malaki ang kanyang kikitain para sa kanyang pamilya kaysa sa kinikita niya sa labas ng bahay.

Ang lugar ng asawang babae ay sa bahay ng kanyang asawa para sa iba pang tatlong mahahalagang mga dahilan:

• *Una*, ang asawa na nagtatrabaho sa labas ng bahay para kumita sa ikabubuhay ay maaaring matuksong magmalaki sa kanyang asawa at maaaring hindi siya magpasakop sa kanya.
• *Pangalawa*, ang asawa na nagtatrabaho sa labas ng bahay ay hindi makakapag-alaga at tingnan ang mga bata. Kapag parehong nagtatrabaho ang mga magulang sa labas ng bahay ay naliligaw ang mga anak dahil walang naroon upang bantayan sila, upang subaybayan sila at disiplinahin sila kapag sila ay gumawa ng mali, upang sanayin sila, at upang palakihin sila sa takot sa Panginoon.
• *Ikatlo*, ang asawa na nagtatrabaho sa labas ng bahay ay hindi makakapag-alaga at makakapagbigay kasiyahan sa kanyang asawa, at magdudulot ito ng kaguluhan at hindi pagkakasundo sa pamilya.

Kapag ang asawang babae ay nagtatrabaho sa labas ng bahay, ang bagong panganak na mga anak ay mawawalan ng pagkuha ng gatas ng kanilang ina, bukod doon, Ang mga magulang ang bahala sa gastos ng artipisyal na gatas, at ang gastos na kailangan nilang gastusin sa tagapag alaga ng bata at yaya. Pati na rin kapag ang parehong mga magulang ay nagtatrabaho sa labas ng bahay, ang mga bata ay maaaring ginugulo, Inaapi, o inaabuso ng mga tagapag alaga, ang mga yaya, at iba pang mga tagapag alaga. Maraming mga salaysay kung saan ang mga bata ay naapektuhan nang masama sa ilalim ng mga kamay ng mga taong nagbibigay ng pangangalaga. Ang mga bata ay hindi rin dapat nasa pangangalaga ng mga lolo't lola; *Una*, dahil hindi iyan responsibilidad ng mga lolo't lola, at *pangalawa*, karaniwang sisiraan ng lolo't lola ang mga apo at magiging dahilan ng pagkawala ng kontrol ng mga anak sa kanilang mga magulang.

Kapag iniwan ng kababaihan ang kani-kanilang mga bahay, magsisimula ang kasamaan sa pamilya. Ang lahat ng bagay ay magugulo; Ang pagluluto ay maantala at ang pamilya ay maaaring magsimulang umasa sa pagkain na binili mula sa mga restawran na mas mataas sa presyo kaysa sa pagkain na niluto sa bahay at hindi kasing linis at masustansya ng pagkain na niluto sa bahay. Ang kababaihan ay maaaring gumawa ng mga kagila-gilalas na bagay sa loob ng bahay para sa kanilang pamilya; Lahat ng uri ng pagluluto, pag iimbak ng pagkain, paggawa ng matatamis at pagmamasa ng tinapay, paghahanda ng juices, suka, mga palaman, at sarsa ay maaaring ihanda mula sa murang at masustunsya na mapagkukunan at ang mga bata ay maaaring masiyahan sa masustansyang pagkain kapag ang mga asawang babae ay mananatili sa bahay. Lahat ng ganitong uri ng pagkain kapag binili ito sa palengke ay maaaring magdulot ng malaking gastos at makakaapekto sa badyet sa pananalapi sa loob ng pamilya. Ang mga restawran, panaderya, confectioner, cafeteria, coffee shop ay nagsimulang lumitaw sa ibabaw ng lupa nang iwan ng mga kababaihan sa kanilang mga tahanan.

Ang kababaihang nasa tahanan at magkakaroon ng oras para magtanim at maghukay ng ilan o sa lahat ng kanilang mga halaman at bunga, na kung saan ay isa pang paraan para sa pamilya na makaipon ng ilan sa kanilang pananalapi. Ang kababaihang nasa tahanan ay magkakaroon ng higit pang oras para manahi, maghanda, magsaayos, at mamalantsa ng mga damit. Nang lisanin ng kababaihan ang mga tahanan at magtrabaho sa labas ng kanilang bahay, nagsimulang gawin ng mga sastre at labahan ang gawaing iniwan ng mga babaeng iyon para sa kanilang pamilya. Sigurado ang lahat ng mga serbisyong ito na ay hindi gagawin ng asawa dahil siya ay nasasangkot sa trabaho sa labas ng bahay ay makakapinsala sa pamilya ng mas maraming pera na gagastusin upang masiguridad ang lahat ng mga serbisyong ito.

Ang mga asawang babae na nagtatrabaho sa labas ng bahay, ang mga anak ay mapipilitang maitala sa pribado at pubikong mga paaralan, na makakaapekto sa mga bata dahil sila ay nasa ilalim ng impluwesya ng mga taong maaring hindi makadios, ganon din ang mga bata ay magiging masama sa pamamagitan ng epekto ng ibang mga bata, sapagkat batid natin na ang kamangmangan ay nababalot sa puso ng mga bata, ***"15 Ang kamangmangan ay nababalot sa puso ng bata; nguni't ilalayo sa kaniya ng pamalong pangsaway." (Kawikaan 22:15 KJV)*** Kaya, kapag ang ating mga anak ay inihialo sa ibang mga bata sa paaralan, Nagkakaroon sila ng kalokohan buhat sa kanila, at matututuhan nila ang masasamang bagay na sa huli'y magdudulot ng mga problema sa loob ng kanilang buhay at sa ating pamilya. Bukod dito, sa mga nabanggit na benepisyo ng kabanalan para sa homeschooling sa ating mga anak, ang gastos ay magiging mas mababa at iyon ay maaring maidadagdag sa halaga ng pag iipon ng pamilya.

Ang pinsala ng lahat ng serbisyong ito na ipinaliwanag namin sa itaas ay maaaring lumampas sa kung ano ang sahod na dadalhin ng asawa mula sa kita. Gayundin, kapag ang sistema sa loob ng pamilya ay nababagabag sa paraang salungat sa Kasulatan kung gayon ang mga pagpapala at pagsang ayon ng Dios sa buhay ng pamilya ay maaapektuhan. Ngayon sa maraming pamilya, ang mag asawa ay nagtatrabaho, ngunit ang kanilang kita ay hindi pa rin sapat upang matugunan ang mga pangangailangan sa pananalapi. Tiyak hindi pagpapalain ng Dios ang masuwayin. Ang mga babaeng nagtatrabaho sa labas ng bahay ay hindi ang huwaran na makikita natin sa

mga Banal na Kasulatan, at maging ang ating mga anak kung ano ang matututuhan nila kung ang dalawang magulang ay nagtatrabaho sa labas ng bahay? Kapag sila ay lumalaki ay gagawin din nila ito at ang parehong mga problema at panggugulo ay muling mapapasa loob ng kanilang mga pamilya at sa mga pamilya ng kanilang mga anak. Iyan ay magiging masamang halimbawa at maling mensahe na ibinibigay natin sa mundo at sa ating mga bagong disipulo, at hindi tayo pagpapalain ng Panginoon dahil diyan.

***2. "11 Ang puso ng kaniyang asawa ay tumitiwala sa kaniya, at siya'y hindi kukulangin ng pakinabang." (Kawikaan 31:11 KJV)*** Ang asawang babae, na tapat at ginagawa nang maayos ang kanyang pananagutan, ang kanyang asawa ay may tiwala sa kanya. Ang asawang babae na isang bantay sa mga gawain ng kanyang bahay, at ginagawa ang kanyang mga responsibilidad iyon nang mabuti, ang kanyang asawang lalaki ay may buong tiwala sa kanya, at ang kanyang isip ay panatag kapag siya ay umalis sa bahay, batid na ang kanyang tapat na asawa ay naroon upang alagaan ang lahat. * Ang babaeng naghahanda para sa pag aasawa ay kailangang maging ganap at responsableng tao dahil nasa unahan niya ang pamamahala sa mga gawain ng kanyang bahay. * Sa parehong paraan ang simbahan bilang bantay na gumagawa ng kanyang mga responsibilidad nang mabuti at tapat na gumagawa ng gawain ng Dios, mayroong tiwala ang Panginoon sa simbahan na iyon.

***3. "12 Gumagawa siya ng mabuti sa kaniya at hindi kasamaan lahat ng mga kaarawan ng kaniyang buhay." (Kawikaan 31:12 KJV)*** Ang makadiyos na asawang babae ay hindi nakakapinsala sa kanyang asawang lalaki at siya ay maingat na huwag magdala ng mga problema sa kanyang bahay sa lahat ng araw ng kanyang buhay. Ang asawa, isang disipulo ni Jesus ay isang ilaw sa kanyang bahay upang dalhin ang katotohanan sa kanyang pamilya at asin upang pangalagaan at ipatupad ang pagtuturo ng Salita ng Dios sa buhay ng kanyang mga anak, ***"16 Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." (Mateo 5:16 KJV)*** Sa parehong paraan ang tapat na simbahan o ang tapat na bantay ay maingat na gawin ang gawain ng Dios nang tapat at matalino at banal upang maiwasan ang pagdadala ng masasamang komento kay Cristo.

***4. "13 Siya'y humahanap ng balahibo ng tupa at lino, at gumagawang kusa ng kaniyang mga kamay." (Kawikaan 31:13 KJV)*** * Ang marangal na asawang babae ay masigasig at sabik na magtrabaho gamit ang kanyang mga kamay. Mahusay siyang pumili ng mga materyales na gagawing angkop na damit para sa kanyang pamilya. Siya ay umaasa sa sarili at alam kung paano gawin nang maayos ang kanyang mga responsibilidad. * Sa gayon ding paraan ang masigasig na simbahan at ang masigasig na bantay ay dapat marunong pumili ng tamang mga mapagkukunan at masigasig na nagsisikap nang may pananabik.

***5. "14 Siya'y parang mga sasakyang dagat ng kalakal; nagdadala siya ng kaniyang pagkain mula sa malayo." (Kawikaan 31:14 KJV)*** * Ang marangal na asawang babae ay nag iisip kung paano dalhin ang lingap ng Dios mula sa malayong lugar na may pagbabawas ng gastusin. Ang isang marangal na asawa ay alam kung paano gamitin ang mga mapagkukunan, kahit na mula sa malalayong lugar, upang gawing matipid at mabunga ang kanyang serbisyo. * Maraming bagay, maaari kang magdala ng mas mura mula sa malalayong lugar kaysa kunin ito mula sa kalapit na lugar sa iyo. Kakailanganin iyan ng ilang panahon para dumating. * Ang matalinong asawa ay matiyaga at maghihintay siya na makatanggap ng murang produkto. Hindi niya ipipilit ang kanyang asawa upang bumili kaagad sa kanya ng mamahaling produkto, ngunit siya ay nalulugod na maghintay upang makatanggap ng parehong may isang mas murang presyo pagkatapos ng isang panahon. * Sa gayon ding paraan ang tapat na simbahan at ang tapat na bantay ay matalino kung paano gagamitin ang mga pinagkukunang-yaman sa malalayong lugar upang maging epektibo at mabunga ang Kanyang paglilingkod sa Dios.

***6. "15 Siya'y bumabangon naman samantalang gabi pa, at nagbibigay ng pagkain sa kaniyang sangbahayan, at ng kanilang gawain sa kaniyang alilang babae." (Kawikaan 31:15 KJV):*** Ang marangal na asawang babae ay gumising nang maaga upang magluto at ayusin ang mga bagay sa loob ng bahay, na tumutulong sa kanyang asawa na nagtatrabaho sa labas ng kapaligiran ng bahay. Mapapansin natin sa talata sa itaas na ang asawang babae dito ay may mga batang babae, ngunit hindi siya umaasa sa kanyang mga anak na babae na gumising nang maaga at magluto para sa kanya; Sa halip, nagising siya at inihahanda ang pagkain para sa kanyang pamilya at sa kanyang mga batang babae.

***7. "16 Kaniyang minamasdan ang bukid at binibili: sa pamamagitan ng kaniyang kamay ay nagtatanim siya ng ubasan." (Kawikaan 31:16 KJV):*** Ang mabait na asawang babae ay marunong magsaka at magtanim ng mga halaman upang matustusan ang kanyang bahay. Alam niya kung paano kumita at mag ipon ng pera at gamitin ito sa pagsisimula ng iba pang mga mabungang bagay para sa kanyang pamilya. Nagtitiyaga siyang tiyakin ang lupa at espasyo ng lupa ng tubig na magagamit sa pagtatanim at paggawa ng ubasan para makapagbigay ng sariwang gulay at prutas para sa kanyang pamilya. Ang pagtatanim at pagsasaka ay pagtutulungan na kailangang isali ng pamilya. Ito ay mabuti para sa ehersisyo. Magandang gamiting muli ang mga bagay na mapagkukunan. Sa halip na magtapon ng tubig, maaari nitong gamitin ang ginamit na tubig sa loob ng bahay (mula sa paglilinis ng pinggan, paghuhugas ng damit, at pagkuha ng paliguan) upang diligin ang

mga halaman at makatipid ng pera. Ito ay isa pang pagtitipid ng pera kapag ang mga gulay at prutas ay pinarami sa bahay. Ang tapat na simbahan at tunay na bantay ay may bukas na mga mata na nakakakita ng mga bukid na hinog na para sa anihan. ***"35 Hindi baga sinasabi ninyo, May apat na buwan pa, at saka darating ang pagaani? narito, sa inyo'y aking sinasabi, Itanaw ninyo ang inyong mga mata, at inyong tingnan ang mga bukid, na mapuputi na upang anihin." (Juan 4:35 KJV)***

***8. "17 Binibigkisan niya ang kaniyang mga balakang ng kalakasan, at nagpapalakas ng kaniyang mga bisig." (Kawikaan 31:17 KJV)*** * Masigla at masipag na trabaho binigyang diin dito ang pisikal na lakas ng marangal na babae upang gawin ang gawain sa bahay, pati na rin ang pagbibigay diin sa kanyang pananampalataya at pagtitiwala sa Dios na bibigyan Niya siya ng lakas na kailangan. Ang matibay na pananampalataya ay nagbibigay-kakayahan sa kanya na magsikap na mapalakas ang kanyang pamilya at masasabi niyang, ***"13 Lahat ng mga bagay ay aking magagawa sa pamamagitan ni Cristo na nagpapalakas sa akin." (Fikipos 31:18 KJV)*** * Sa gayon ding paraan ang matibay na pananampalataya ay nagbibigay-daan sa atin na magsikap para sa Dios upang madaig ang gawain ng Diyablo.

***9. "18 Kaniyang namamalas na ang kaniyang kalakal ay makikinabang: ang kaniyang ilaw ay hindi namamatay sa gabi." (Kawikaan 31:18 KJV)*** Malinaw na nakikita ng marangal na asawa kung ano ang bunga at ang magagandang bagay ng kanyang paggawa. Alam niya kung paano suriin ang kanyang sarili at nakikita niya ang pag-unlad ng kanyang trabaho. Siya ay handa at alerto araw at gabi, ***"ang kaniyang ilaw ay hindi namamatay sa gabi." (Kawikaan 31:18 KJV)*** Karaniwan, ang araw ay oras ng pagtatrabaho. Ang gabi ay para sa oras ng pahinga at pagtulog maliban kung may kaagad na trabaho o emergency. Ang marangal na asawa na pinili ng Dios para sa kanyang asawa ay nagtatrabaho nang husto sa araw, at siya ay nagpapahinga sa gabi. Ngunit sa oras ng kagyat na pangangailangan o emergency, handa siyang harapin ang gayong mga sitwasyon. Sa parehong paraan makikita ng simbahan at ng tapat na bantay ang kahalagahan ng paglilingkod sa Panginoon at kung paano ito mga pagpapala sa iba, at handang maglingkod araw at gabi, sa panahon at panahon gaya ng itinuturo ng Salita ng Dios, ***"1 Ipinagbibilin ko sa iyo sa paningin ng Dios, at ni Cristo Jesus, na siyang huhukom sa mga buhay at sa mga patay, sa pamamagitan ng kaniyang pagpapakita at sa kaniyang kaharian: 2 Ipangaral mo ang salita; magsikap ka sa kapanahunan, at sa di kapanahunan, sumawata ka, sumaway ka, mangaral ka na may buong pagpapahinuhod at pagtuturo." (2 Timoteo 4:1-2 KJV)***

***10. "19 Kaniyang itinangan ang kaniyang mga kamay sa panulid, at ang kaniyang mga kamay ay humahawak ng panghabi." (Kawikaan 31:19 KJV)*** * Ang dalawang kamay ay ginagamit para sa kaluwalhatian ng Dios. Alam niya kung paano gamitin ang panulid at ang panghabi upang maghanda ng lana at malambot panahi na gagamitin sa sinulid na damit para sa kanyang sarili at sa kanyang asawa at mga anak. Ang isang marangal na asawa ay marunong magtahi ng damit at ihanda ito sa tamang sukat upang maisuot ang kanyang pamilya. * Sa parehong paraan ang pinakamataas na kakayahan ay kailangan ng simbahan o ng bantay para makibahagi sa paglilingkod sa Dios. Walang pagpipigil at walang pag-aalinlangan!

***11. "20 Iginagawad niya ang kaniyang kamay sa dukha: Oo, iniaabot niya ang kaniyang mga kamay sa mapagkailangan." (Kawikaan 31:20 KJV)*** * Ang asawang babae ay dapat handang tumulong sa mahihirap at nangangailangan. Ang pagtulong sa dukha at nangangailangan ay nagpapagaan sa mga nasa problema, at ang gayong mga gawa at magbabalik ng biyaya sa buong pamilya. Ang bantay ay isang taong nakikita ang nakikita ni Cristo at pinalawig ang kamay na tumulong sa mga nangangailangan.

***12. "21 Hindi niya ikinatatakot ang kaniyang sangbahayan sa niebe; sapagka't ang boo niyang sangbahayan ay nakapanamit ng mapulang mapula." (Kawikaan 31:21 KJV)*** * Ang marangal na asawang babae ay mabuting katiwala; Maaga niyang inihahanda ang kanyang bahay at pamilya para harapin ang taglamig at ang kakapusan ng panahon. Magaling siyang magplano at inaasahan ang mga bagay bago ito mangyari. * Ang bantay ay may mga mata at nakikita sa kanyang isipan ang mga pagkakataong mag-ipon at mag-imbak kapag marami itong handang panahon ng kakulangan.

***13. "22 Gumagawa siya sa ganang kaniya ng mga unang may burda; ang kaniyang pananamit ay mainam na kayong lino at ng kayong kulay ube." (Kawikaan 31:22 KJV)*** Ang mabait na asawa ay isang taong matalino na alam kung paano gumawa at ingatan ang maganda at mataas na kalidad na mga bagay sa kanyang bahay, ***"3 Sa karunungan ay natatayo ang bahay; at sa pamamagitan ng unawa ay natatatag. 4 At sa pamamagitan ng kaalaman ay napupuno ang mga silid, ng lahat na mahalaga at maligayang mga kayamanan." (Kawikaan 24:2-3 KJV)*** Ang pagbuburdang trabaho ay mahal. * Ang maybahay na may kasanayan sa gayon ay pinalimutihan ang kanyang bahay ng magagandang bagay at walang bayad. Ang isang marangal na asawang babae ay iniingatan sa kanyang bahay ang mga mahahalagang bagay ngunit mas mababa ang gastos. * Ang bantay ay may karunungan na gumawa at ingatan ang mabubuting bagay para sa simbahan at sa ministeryo ng Panginoon.

***14. “23 Ang kaniyang asawa ay kilala sa mga pintuang-bayan, pagka siya'y nauupo sa kasamahan ng mga matanda ng lupain.” (Kawikaan 31:23 KJV)*** * Ang marangal na asawang babae ay nagbibigay ng paggalang sa kanyang asawang lalaki. Bibigyan niya ito ng kapayapaan sa bahay at ang kanyang isip ay malinaw at payapa kapag siya ay nasa labas ng bahay, nalalaman na ang kanyang asawang babae ay pangangalagaan nang maayos ang lahat sa kanyang kawalan. * Ang bantay ay tapat na lingkod ni Cristo na ang buhay, paglilingkod at tagumpay ay nagdudulot ng kaluwalhatian at papuri sa Dios.

***15. “24 Gumagawa siya ng mga kasuutang kayong lino at ipinagbibili; at nagbibigay ng mga pamigkis sa mga mangangalakal.” (Kawikaan 31:24 KJV)*** * Ang marangal na asawang babae ay may mga kasanayan na gumagamit ang mga ito sa paggawa ng mabuti at kapaki-pakinabang na mga bagay. Maari siyang kumita ng pansariling pera para sa kanya mula sa kanyang mga gawaing kamay. * Bilang simbahan binigyan tayo ng Dios ng mga talento at espirituwal na kaloob at ang mga ito ay magagamit natin para sa kaluwalhatian ng Dios sa paggawa ng mabubuting bagay at sa mabubuting gawa ng Dios

***16. “25 Kalakasan at kamahalan ay siyang kaniyang suot. At kaniyang tinatawanan ang panahong darating.” (Kawikaan 31:25 KJV)*** * Ang marangal na asawang babae ay may kakayahan at kalakasan hangga’t siya ay masunurin sa Dios at sa Kanyang Salita. Sa huli’y siya’y dadamitan ng kalakasan at karangalan para sa gawaing ginagawa niya. Papatunayan at puputungan ng Dios ang mga gawa ng marangal na babae ng tagumpay at siya ay magagalak sa mga magagandang bagay na kanyang itinatag. * Ang tapat na simbahan ay isang bantay na sumusunod sa Dios at nadadamitan ng tiwala at kalakasan.

***17. “26 Binubuka niya ang kaniyang bibig na may karunungan; at ang kautusan ng kagandahang-loob ay nasa kaniyang dila.” (Kawikaan 31:26 KJV)*** * Ang marangal na asawang babae ay may karunungan at marunong magsalita, at magbigay ng masusing tagubilin sa mga tao sa paligid niya na pamahalaan ang mga gawain sa kanyang bahay at kung paano gawin ang mabubuting gawa na maagang inihanda ng Dios para sa kanya. * Ang simbahan bilang bantay ay dapat magsalita sa mga tao nang may maingat at tumpak na mga tagubilin.

***18. “27 Kaniyang tinitignang mabuti ang mga lakad ng kaniyang sangbahayan, at hindi kumakain ng tinapay ng katamaran.” (Kawikaan 31:27 KJV)*** Lagi niyang inoobserbahan ang lahat ng nangyayari sa kanyang bahay. Siya ang tapat na bantay sa bawat miyembro ng kanyang pamilya; may pang unawa para makita ang pagkakaiba ng mabuti at masama at makikita na kung anong iniutos ng kanyang asawang lalaki sa kanya mula sa Salita ng Dios ay ilalapat sa kanyang sambayahan. Hindi siya tamad, kundi masipag, aktibo, at mabilis na ginagampanan ang mga aktibidad na kailangan mula sa kanya.

***19. “28 Nagsisibangon ang kaniyang mga anak, at tinatawag siyang mapalad; gayon din ang kaniyang asawa, at pinupuri siya niya, na sinasabi” (Kawikaan 31:28 KJV)*** * Pagpapalain ng Dios ang mga anak ng marangal na asawang babaw at makikita nila kung gaano kahalaga ang kanilang ina sa kanilang buhay sa pagpapalaki sa kanila nang may takot sa Panginoon. Pahahalagahan nila ang kanilang ina at pupurihin siya sa mga magagandang bagay na ginawa nito para sa kanila. Makikita rin ng kanyang asawa ang magagandang bagay na kanyang itinatayo at naaabot sa loob ng bahay at pupurihin siya. * Dapat magbantay at magmasid ang Simbahan na gumawa ng mga disipulo at pangalagaan sila at gabayan sila ng Salita ng Dios na maging mabisa at mabungang manggagawa sa Panginoon.

***20. “29 Maraming anak na babae ay nagsisigawang may kabaitan, nguni't ikaw, ay humihigit sa kanilang lahat.” (Kawikaan 31:29 KJV)*** Ang mga bagay na may layunin ay mga bagay na marangal. Gagawin ng marangal na asawang babae ang inaasahan ng Dios na gawin niya. Gagawin niya ang mismong bagay na itinakda ng Dios para sa kanya na gawin: ***“16 Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo.” (Juan 15:16 KJV)*** * Ang marangal na asawang babae na pinili ng Dios at tagapagdala ng bunga at sasagutin ng Dios ang kanyang mga panalangin para sa kanyang pagsunod sa Kanyang Salita at kalooban. * Sa parehong paraan dapat magbantay ang simbahan na magbunga na mananatili.

***21. “30 Ang lingap ay magdaraya, at ang kagandahan ay walang kabuluhan: nguni't ang babae na natatakot sa Panginoon, ay siya'y pupurihin.” (Kawikaan 31:30 KJV)*** * Ang kagandahan ng katawan ng babae ay pangalawa; mahalaga ang kanyang mabubuting gawa at bunga. Ang kanyang takot sa Panginoon ang pangunahing nagtutulak sa kanya na gumawa ng marangal at mabubuting bagay at ito ang kanyang dahilan ng tagumpay, at bibigyan siya ng mga papuri dahil doon. * Ang simbahan ay hindi dapat magtuon sa mga aktibidad, pagkain at mga programa sa paglalakbay kundi magtuon at magtuon sa panalangin, pag-ebanghelyo at paggawa ng mga disipulo upang magbunga at mga bagong disipulo na nais at hinihintay ng Panginoon na makita

***22. “31 Bigyan ninyo siya ng bunga ng kaniyang mga kamay; at purihin siya ng kaniyang mga gawa sa mga pintuang-bayan.” (Kawikaan 31:31 KJV)*** * Ang asawa ng marangal na asawang babae ay natutuwa; Hinihikayat at pinupuri niya ang kanyang tapat at masipag na asawang babae. Ang sipag at tagumpay ng marangal na asawang babae ay gagantimpalaan ng Dios, ng kanyang asawa, at ng kanyang mga anak. * sa parehong paraan mayroong gantimpala para sa tapat na simbahan Dios at para sa tapat na bantay na gumagawa nang ang ministerio ng Dios. ***“58 Kaya nga, mga kapatid kong minamahal, kayo'y magsitatag, huwag makilos, na laging sumasagana sa gawa ng Panginoon, yamang nalalaman ninyo na hindi walang kabuluhan ang inyong gawa sa Panginoon.” (1 Corinto 15:58 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal: “10 Kaya, mga kapatid, lalong pagsikapan ninyo na mangapanatag kayo sa pagkatawag at pagkahirang sa inyo: sapagka't kung gawin ninyo ang mga bagay na ito ay hindi kayo mangatitisod kailan man: 11 Sapagka't sa gayon ay ipinamamahaging sagana sa inyo ang pagpasok sa kahariang walang hanggan ng Panginoon natin at Tagapagligtas na si Jesucristo.” (2 Pedro 1:10-11 KJV)*** Makakatanggap ka ng masaganang pagsalubong habang ginagampanan mo ang iyong tungkulin bilang isang tapat na bantay.

Lumapit tayo ngayon sa Dios, pagsunod sa Kanyang Salita at nagpapasakop sa Kanyang kalooban, pagsasabuhay ng lahat ng natutuhan natin ngayon sa ating buhay at sinusunod ang huwaran na ibinibigay sa atin ng Salita ng Dios. Manalangin tayo … .

***Ang Aking Panalangin:*** *Ama Dios ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at bumangon mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na nagbubukas sa aking mga mata upang makita ang malalalim na bagay sa Banal na Kasulatan. Panginoon salamat sa turo at sa lahat ng pagwawasto at mga payo na natanggap ko mula sa iyong Salita.*

*Ngayon ay aminin at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikuran ang iyong kawalan ng takot sa Dios, ang iyong katamaran, ang iyong kamunduhan na ginagawa ang iyong sariling kalooban at sumusunod sa iyong sariling plano. Magtapat at talikuran ang iyong masamang pangangasiwa, pag aaksaya ng mga mapagkukunan, at ang iyong maling pamamahala para sa pananalapi. Ipagtapat at talikuran ang pagiging asawa at ina ngunit hindi handang manatili sa bahay at alagaan ang iyong bahay at pamilya. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagsuway sa Dios at ang iyong hindi pagpayag na makisali sa mga mabubuting gawa na inihanda ng Dios para sa iyo. Ipagtapat at talikuran ang iyong walang kagustuahang disiplinahin ang iyong mga anak at pag aralin sila sa bahay. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan ___________________________ .*

*Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na matakot sa iyo at ipamuhay ang aking buhay ayon sa turo ng iyong Salita at iyong kalooban pinag aralan namin sa mensaheng ito. Panginoon susundin kita sa paggawa ng mga mabubuting gawa na inihanda mo para sa akin. Panginoon bigyan mo ako ng magandang kalusugan para patuloy kitang paglingkuran. Panginoon ipinagkakaloob ko ang aking buhay sa iyong kamay, kunin mo ako at gawin akong tapat at mabungang bantay para sa iyong kaluwalhatian at para sa iyong pangalang Jesus.*

*Panginoon salamat po sa mga Kapatid ko na nangako ng sarili na susunod sa inyo at magsisimulang maglingkod sa iyo at maging tapat na bantay at tagabantay. Panginoon gantimpalaan sila at paunlarin ang kanilang mga pamilya at mga anak. Panginoon gawin silang mabutong patotoo para makita ka ng iba sa buhay nila at magsimulang sumunod sa iyo.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan, at itaguyod mo kami upang magpatuloy magpayo sa mga tao at payuhan sila ayon sa iyong Salita. Panginoon ipinangako namin ang aming buhay nag awing maayos ang aming responsiblidad bilang mga bantay at bantay para sa iyong simbahan. Panginoon magtatag ka ng mas matatapat na bantay at tagabantay upang maglingkod sa iyo at gawin ang iyong mga gawa at iyong kalooban. Panginoon patnubayan mo kami sa mga bagong tao na nangangailangan ng ganoong pagsubaybay at pag aalaga. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at patnubayan kami sa pag eebanghelyo, paggawa ng mga bagong disipulo at pagsasanay sa mga bagong manggagawa upang magtanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya at mga kongregasyon para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, ‘Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.’ Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang yong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag ibig ng Diyos at ang pakikipagpisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan

Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com